

Pagaayuno Yugto 4. Ang Pananalangin at Pagaayuno ni Haring David

"24 Ang aking mga tuhod ay mahina sa pagaayuno, at ang aking laman ay nagkukulang ng katabaan." (Awit 109:24)

Ang pagaayuno ay isa sa mga gawain na naglalarawan kay David. Bakit siya nagaayuno, paano siya nagaayuno, at ang resulta ng kanyang pananalangin at pagaayuno ay malaking aral para sa atin upang matutunan at ilapat sa ating mga buhay upang tuparin ang layunin ng Diyos sa atin at ganapin ang Kanyang kalooban. Ating mababasa ang tungkol sa pagaayuno ni David sa iba't ibang kaganapan.

1. Si David sa Awit 35:11-14 ay sinabi, "11 Mga saksing masasama ay nagsisitayo; sila'y nangagtatanong sa akin ng mga bagay na di ko nalalaman.12 Iginaganti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti, sa pagpapaulila ng aking kaluluwa.13 Nguni't tungkol sa akin, nang sila'y may sakit, ang aking suot ay magaspang na kayo: aking pinagdalamhati ang aking kaluluwa ng pagaayuno; at ang aking dalangin ay nagbabalik sa aking sariling sinapupunan.14 Ako'y nag asal na tila aking kaibigan o aking kapatid: ako'y yumuyukong tumatangis na tila iniyyakan ang kaniyang ina." (Awit 35:11-14) Sa talatang ito'y binanggit ni David na siya ay nagaayuno para sa masasamang tao na nasa paligid niya. Siya ay nanalangin at nag ayuno para sa mga tao na sa huli'y gumanti sa kanya ng masama para sa mabubuting bagay na kanyang ginawa. Dito ating matutunan mula sa pinagdaanan ni David ay upang ibigay ang ating buhay nang lubos sa Diyos sa paggawa ng mabuti at tama na nais ng Diyos na gawin natin para sa Kanya at para sa mga taong nasa paligid natin.

"11 Mga saksing masasama ay nagsisitayo; sila'y nangagtatanong sa akin ng mga bagay na di ko nalalaman."Ang parehong tao na kanyang ipinagayuno, sila'y nagbangong upang maging isang bulaang patotoo laban sa kanya upang wasakin siya. Nais ng Diyos sa atin na mapuspos ng pagibig at handang maglingkod sa Kanya habang ipinapakita natin ang ating kagustuhan na manalangin at mag ayuno para sa mga taong maaaring maging may masamang layunin laban sa atin.

"12 Iginaganti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti, sa pagpapaulila ng aking kaluluwa." (Awit 35:12) Dito kapag tayo'y nananalangin at nagaayuno ating asahan na tayo'y magagantimpalaan mula sa kung anong ating ipinapanalangin at ipinagaayuno. Ngunit ilagay ang isang bagay sa iyong isip na ang gantimpala ay nagmumula sa Panginoon dahil maaring ang mga tao'y makalimutan ang iyong ginawang mabuti sa kanila at maaring sila'y gumanti sayo ng masama sa mabuti na iyong ginanap sa kanilang ngalan, ngunit ang Panginoon ay hindi malilimutan ang iyong panalangin at pag-aayuno. Sinabi din ni Jesus sa atin na gagantimpalaan tayo ng Diyos para sa ating pag-aayuno gaya ng ating mababasa rito: "16 Bukod dito, pagka kayo'y nangagaayuno, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na mukha: sapagka't kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila'y nangagaayuno. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. 17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusang mo ang iyong mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka." (Mateo 6:16-18) Oo, tayo'y gagantimpalaan kung patuloy tayong maninindigan sa paggawa ng Kanyang gawain at mabuhay sa Kanyang kalooban; hindi Niya tayo kalilimutan at ang ating pagpapagal sa Kanya, bagkus Siya'y darating at gagantimpalaan tayo.

"13 Nguni't tungkol sa akin, nang sila'y may sakit, ang aking suot ay magaspang na kayo: aking pinagdalamhati ang aking kaluluwa ng pagaayuno; at ang aking dalangin ay nagbabalik sa aking sariling sinapupunan." (Awit 35:13) Dito partikular nating natutunan kay David kung para saan ang pag-aayuno. Si David ay nagaayuno dito para sa kanila nang sila'y may sakit at siya'y nananalangin para sa kanila, at nang ang kanyang panalangin bumalik sa kanya ng hindi nasagot, siya'y nagayuno para sa kanila nagsusumamo sa Diyos para kanila upang gumaling at para manumbalik. Matutunan natin dito sa ginawa ni David at mula sa kanyang mabuting paguugali, ay maging tapat sa paglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng matapat at perpektong paglilingkod sa mga to na inilagay ng Diyos sa paligid natin at ang mga taong nais sa atin upang abutin.

Sinabi ni David, "aking pinagdalamhati ang aking kaluluwa ng pagaayuno" Ang pagaayuno ay pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagkasira sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagtalikod sa ating pagmamataas at sa ating laman at sariling katuwiran sa harapan ng Diyos. Ang pagaayuno ay nakikitang maliit ang ating sukat sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagkilala na tayo'y wala kung wala ang Diyos. Ang Pagaayuno ay pagsuko ng ating mga plano at ang ating sariling kalooban sa harapan ng Diyos.

"14 Ako'y nagasal na tila aking kaibigan o aking kapatid: ako'y yumuyukong tumatangis na tila iniyyakan ang kaniyang ina." (Awit 35:14) Si David ay napaka tapat sa kanyang paglilingkod sa Diyos; siya'y nagayuno, ipinakumbaba niya ang kanyang sarili sa harap ng Diyos at tumatangis para sa kadalambahatian ng mga tao na nangangailangan ng kanyang pagaayuno; kanyang itinuring sila sa ganyan para bang sila'y kanyang mga kapatid at kanyang mga kaibigan. Si David sa ganoon ay mahabagin gaya ni Jesus na nanalangin at nag ayuno at nagdalamhati para sa mga tao upang magsisisi at bumalik sa Diyos. Matutunan nating gawin ang kapareho, s paglilingkod sa Diyos naglilingkod tayo sa bayan, nananalangin, nagbaayuno at nagdadalamhati sa harap ng Diyos para sila'y magsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa Panginoon upang sila'y gumaling sa kanilang karamdaman at maligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus.

2. Nag-ayuno pa nga si David nang mabalitaan niya ang pagkamatay ni Saul, , ang kanyang kaaway. "11 Nang magkagayo'y tinangnan ni David ang kaniyang mga suot at pinaghapak; at gayon din ang ginawa ng lahat na lalake na kasama niya: 12 At sila'y tumangis, at umiyak, at nagayuno hanggang sa paglubog ng araw, dahil kay Saul, at dahil kay Jonathan na kaniyang anak, at dahil sa bayan ng Panginoon, at dahil sa sangbahayan ng Israel; sapagka't sila'y nangabuwal sa pamamagitan ng tabak." (2 Samuel 11-12) Hindi sinubukan ni David na gumanti kay Saul habang siya'y nabubuhay at hindi niya sinubukang patayin siya. Kahit na si Saul ay sinusubukang patayin si David ngunit si David ay walang ginawa masama laban kay Saul. Si David ay hindi nagpakita ng kasiyahan nang ang kanyang kaaway ay bumagsak. Sa halip siya'y nanalangin at nag ayuno para sa sakuna na dumating kay Saul at sa kanyang pamilya at sa hukbo ng Israel.

Kaya sa parehong paraan ating matutunan dito mula sa halimbawa ni David na ang ating panalangin at pagaayuno ay dapat nagtataguyod ng pagibig at pagpapatawad kahit sa ating nga kaaway at sa mga nanakit sa atin, pagtangi mula sa sakit ng loob, galit, at walang pagpapatawad sa mga nakasakit sa atin, at isaalang alang ang buong gawain ng Diyos sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan at kung paano Niya kailangan sa ating kumilos kapag ang ganoong sakuna ay naganap.

3. David sa Awit 69:1-13 sinabi, "1 Iligtas mo ako, Oh Dios; sapagka't ang tubig ay tumabon sa aking kaluluwa.2 Ako'y lumulubog sa malalim na burak na walang tayuan: ako'y lumulubog sa malalim na tubig, na tinatabunan ako ng agos.3 Ako'y hapo sa aking daing; ang lalamunan ko'y tuyo: ang mga mata ko'y nangangalumata habang hinihintay ko ang aking Dios. 4 Silang nangagtanim sa akin ng walang anomang kadahilanan ay higit kay sa mga buhok ng aking ulo: silang ibig maghiwalay sa akin, na mga kaaway kong may kamalian, ay mga makapangyarihan: akin ngang isinauli ang hindi ko kinuha.5 Oh Dios, kilala mo ang kamangmangan ko; at ang mga kasalanan ko'y hindi lihim sa iyo.6 Huwag mangapahiya dahil sa akin ang nangaghihintay sa iyo, Oh Panginoong Dios ng mga hukbo: huwag mangalagay sa kasiraang puri dahil sa akin ang nagsisihanap sa iyo, Oh Dios ng Israel. 7 Sapagka't dahil sa iyo ay nagdala ako ng kadustaan; kahihyan ay tumakip sa aking mukha.8 Ako'y naging iba sa aking mga kapatid, at taga ibang lupa sa mga anak ng aking ina.9 Sapagka't napuspos ako ng sikap sa iyong bahay; at ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa iyo ay nangahulog sa akin.10 Pag umiiyak ako at pinarurusahan ko ng pagaayuno ang aking kaluluwa, yao'y pagkaduwahagi sa akin.11 Nang magsuot ako ng kayong magaspang, ay naging kawikaan ako sa kanila.12 Pinag-uusapan ako nilang nangauupo sa pintuang-bayan; at ako ang awit ng mga lango.13 Nguni't tungkol sa akin, ang dalangin ko'y sa iyo, Oh Panginoon, sa isang kalugodlugod na panahon: Oh Dios, sa karamihan ng iyong kagandahang-loob," (Awit 69:1-13) Si David ay tinitis ang pagdadalamhati, paghihirap at insulto para sa kapakanan ng tahanan ng Diyos at sa gawain ng Diyos. Hinaharap niya kabilat' kabilang paghihigpit ngunit ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at ipinagpatuloy ng paggawa ng gawain ng Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pag aayuno.

"1 Iligtas mo ako, Oh Dios; sapagka't ang tubig ay tumabon sa aking kaluluwa.2 Ako'y lumulubog sa malalim na burak na walang tayuan: ako'y lumulubog sa malalim na tubig, na tinatabunan ako ng agos." (Awit 69:1-2) Dito si David ay nanaghoy sa Diyos upang iligtas ang kanyang buhay. Ipinapahayag niya sa Diyos na siya'y lumulubog sa malalim na burak, walang lugar na manatili sa kanya upang tumayo, ang tubig ay pumunta sa kanya at ang agos ay tumatabon sa kanya na parang siya'y itinapon sa dagat. Si David ay nahaharap sa pagsubok na ito dahil siya'y naglilingkod sa Panginoon at siya'y nabubuhay ng Kanyang buhay para sa Kanya gaya ng ating makikita sa susunod na mga talata. Tayo din ay maaring dumaan sa parehong kalagayan kapag ating ibinigay ang ating mga buhay sa Diyos at haharapin natin ang mga pagsubok at mga kaguluhan habang tayo'y naglilingkod sa Panginoon sapagkat ang diyablo ay darating at sasalungatin tayo at maaaring gumamit pa ng mga tao upang panghinaan tayo upang tayo'y tumigil sa paglilingkod sa Diyos, sa gayo'y kailangan nating matutunang manindigan upang maging matatag sa Panginoon at huwag sumuko kahit na tayo'y nasa gitna ng mabigat na mga pagsubok.

"3 Ako'y hapo sa aking daing; ang lalamunan ko'y tuyo: ang mga mata ko'y nangangalumata habang hinihintay ko ang aking Dios." (Awit 69:3) Si David ay mwy buong pagtitiwala sa Panginoon, siya nasa tuloy-tuloy na pananalangin at panaghoy sa Diyos at hinihintay Siya na dumating at iligtas siya. Tayo na sa parehong paraan, dapat gawin ang katulad na patuloy tayong umiyak sa Diyos, ipagpatuloy ang ating pag aayuno habang ang mga pagsubok ay nagpapatuloy hanggang tayo ay ganap na maligtas mula sa gawa ng diablo.

"4 Silang nangagtanim sa akin ng walang anomang kadahilanan ay higit kay sa mga buhok ng aking ulo: silang ibig maghiwalay sa akin, na mga kaaway kong may kamalian, ay mga makapangyarihan: akin ngang isinauli ang hindi ko kinuha." (Awit 69:4) Malinaw na sinabi dito ni David na may mga taong namumuhi sa kanya ng walang dahilan, sinusubukan din nilang wasakin siya, sila'y napakalakas laban sa kanya at pinipilit niyang ibalik yaon na hindi niya kinuha. Kapag tayo'y naglilingkod sa Diyos maari tayong humarap sa ganoong delikadong mga bagay sapagkat ang diablo ang ating kaaway ay umaatungal na leon at gagawin ang lahat ng makakaya nito upang pigilan tayo, kaya naman kailangan nating harapin ang lahat ng ganoong labanan sa paglapit sa Diyos sa pananalangin at pag aayuno.

"5 Oh Dios, kilala mo ang kamangmangan ko; at ang mga kasalanan ko'y hindi lihim sa iyo." (Awit 69:5) Dito si David ay nagpapahayag ng kanyang mga kasalanan at kanyang mga maling ginawa sa Panginoon sa gayon hindi maging hadlang ang mga ito sa kanya upang tanggapin ang tagumpay mula sa Diyos. Sa parehong paraan, huwag nating kalimutang ipahayag ang ating mga kasalanan sa Diyos, na pagsisihan ang mga ito at talikuran ang mga ito upang sila'y hindi maging sagabal sa atin at isang hadlang sa ating pananalangin at pag aayuno mula sa pagsagot gaya ng sinabi ni David, "Kung pinakundangan ko ang aking kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon." (Awit 66:18)

"6 Huwag mangapahiya dahil sa akin ang nangaghihintay sa iyo, Oh Panginoong Dios ng mga hukbo: huwag mangalagay sa kasiraang puri dahil sa akin ang nagsisihanap sa iyo, Oh Dios ng Israel. 7 Sapagka't dahil sa iyo ay nagdala ako ng kadustaan; kahihyan ay tumakip sa aking mukha." (Awit 69:6-7) Si Haring David dito ay nanalangin at nagpakumbaba sa Diyos na huwag ilagay sa kahihyan ang mga nagsisihanap sa Diyos. Siya ay nananalangin at nagaayuno at humihiling sa Diyos na sagutin siya, upang ang kanyang patotoo ay hindi magiging panghina sa iba kapag nakita nila ang kanyang buhay at tingnan na ang Diyos ay hindi sinagot ang kanyang panalangin maaring sila'y masiraan ng loob. Kaya't ating makikita dito kung paanong si David ay tapat, na kahit sa ganoong pagkaantala mula sa Diyos, bagkus si David at matatag sa Panginoon at pinapanatili ang kanyang sarili sa parehong lugar na nais ng Diyos sa kanya upang manatili at kamitin para sa Diyos.

*Ang pananalangin at pagaayuno ay higit na kinakailangan kapag tayo'y naghihintay sa Diyos upang tuparin ang Kanyang mga pangako sa atin. Ang pananalangin at pagaayuno ay higit na kinakailangan kapag ang ating pananampalataya ay sinusubok at hinahamon ng Panginoon habang ating nakita kung paanong ang pananampalataya ni David ay sinubok.

Ilagay mo sa iyong isip na kapag ikaw ay nananalangin at nagaayuno at naghihintay sa Diyos na kumilos at ang Panginoon ay tahimik hinid ibig sabihin na Siya'y malayo sayo, Hindi, kundi siya ay malapit at nasa tabi mo, sinusubukan ang iyong pananampalataya at ang iyong pagtitiyaga patungo sa Kanya, nabubuhay ng iyong buhay para sa Kanya at pagkamit ng Kanyang kalooban.

"8 Ako'y naging iba sa aking mga kapatid, at taga ibang lupa sa mga anak ng aking ina." (Awit 69:8) Si David ay napaka masigasig sa pagsunod sa Diyos, na kahit siya'y isinaalang alang na isang dayuhan sa kanyang ina at sa kanyang mga kapatid, hanggang sa puntong ito siya'y tapat sa Diyos. Sa parehong paraan kailangan nating maging tapat sa Diyos, na hindi tayo makikigaya sa huwaran ng sanglibutan hanggang sa punto na silang malapit sa atin ay isasaalag alang na tayo'y dayuhan o alein sa kanila dahil hindi natin ginagawa o namumuhay sa kamunduha na nangyayari ngayon sa sanglibutan na nasa paligid natin.

"9 Sapagka't napuspos ako ng sikap sa iyong bahay; at ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa iyo ay nangahulog sa akin." (Awit 69:9) Dinadala ni David ang lahat ng panggigipit na nasa kanya para sa kapakanan sa bahay ng Diyos, at alang alang sa gawain ng Diyos. Sa mga sumasalungat sa atin habang tayo'y nabubuhay para sa Diyos at sa mga nagsasaway sa atin habang ating sinasabi sa kanila ang Salita ng Diyos hindi nila ginagawa lamang yaon sa atin bagkus laban sa Diyos Mismo, at laban sa simbahan ng Diyos, samakatuwid kailangan nating dalhin yaon habang ating pagsusumikap na lumakad at maglingkod sa Diyos na ating Panginoon , at para sa kapakanan ng Kanyang simbahan.

"10 Pag umiiyak ako at pinarurusahan ko ng pagaayuno ang aking kaluluwa, yao'y pagkaduwahagi sa akin.11 Nang magsuot ako ng kayong magaspang, ay naging kawikaan ako sa kanila.12 Pinag-uusapan ako nilang nangauupo sa pintuang-bayan; at ako ang awit ng mga lango." (Awit 69:10-12) Ang pananalangin at pagaayuno ni David ay pagsaway sa kanya mula sa mga nasa labas. Ang mga tao sila'y nagisip tungkol sa kanya na siya wala sa kanyang kaisipan, at siya'y naging kawikaan at pagsaway sa kanyang kasuotan, ang magaspang, na ginawa niya sa kanyang sarili habang siya'y nananalangin at nagaayuno sa Diyos. Sa parehong paraan, maaring ang mga tao'y sawayin ka at pagtawanan ka bilang kanilang malalaman na ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa Diyos habang ikaw ay nasa mga pagsubok; mag gayo'y, huwag mo sila dapat isipin o bigyang atensyon at pakinggan ang kanilang sinasabi, bagkus magpatuloy magtiwala sa Diyos at gawin ang itinuturo ng Kanyang Salita at ipinapayo sa atin na gawin sa panahon ng kaguluhan.

Sinabi ni David sa Awit 69 talata 10, at pinarurusahan ko ng pagaayuno ang aking kaluluwa, yao'y pagkaduwahagi sa akin: Kaya't ang pagaayuno ay pagdadalamhati. Ang pagaayuno ay isang disiplina. Ang pagaayuno ay pagtangi mula sa pagnanasa ng laman. Ang pagaayuno ay pagtalikod sa kawalan ng pananampalataya. Ang pagaayuno ay pagtalikod sa ating kawalan ng pagtiwala sa Diyos. Ang pagaayuno ay pagtanggap ng pangaapi at pagalipusta para sa kapakanan ni Cristo. Ang pagaayuno ay pagsisi sa iyong mga kasalanan at ang gawa ng laman mula sa iyong buhay. Ang pagaayuno ay pagsuko sa iyong plano at kalooban sa Diyos.

"13 Nguni't tungkol sa akin, ang dalangin ko'y sa iyo, Oh Panginoon, sa isang kalugodlugod na panahon: Oh Dios, sa karamihan ng iyong kagandahang-loob," (Awit 69:13) Dito makikita natin ng malinaw ang pagtiwala na mayroon si David sa Diyos at ang Kanyang pagtiwala sa Kanya na siya'y magpatuloy na bigkasin ang kanyang pananalangin at pagaayuno sa Diyos nagtiwala na ang Diyos sa Kanyang awa ay didinggin siya at ililigtas siya at sasagutin ang kanyang panalangin. Sa parehong paraan, kailangan nating ganap na magtiwala sa Diyos at magpatuloy sa pananalangin at pagaayuno sa Diyos nagtiwala sa Kanya na sa parehong panahon sasagutin Niya ang ating mga panalangin at ililigtas tayo mula sa lahat ng ating mga kaguluhan.

4. Si David ay talagang napakasipag sa pagaayuno na kanyang sinabi, "24 Ang aking mga tuhod ay mahina sa pagaayuno, at ang aking laman ay nagkukulang ng katabaan." (Awit 109:24) Si David ay hindi nananalangin at nagaayuno isa o dalawa o isa para sa ilang araw, ngunit ang pag-aayuno ang naging uso at istilo ng kanyang buhay para harapin ang suliranin. Hindi siya sumuko bagkus patuloy na lumalapit sa Diyos sa pananalangin at pagaayuno. Sa parehong paraan ating isaalang alang ito bilang isang paraan at pamumuhay na nais ng Diyos sa atin upang pagtibayin sa ating mga buhay at ang paraan ng pagunlad at kumilos pasulong sa ating paglilingkod at ministerio sa Panginoon.

Sa aking mahal at minamahal: Si Haring David ay isang lalaki ng pananalangin at pagaayuno. Kinuha niya ang lahat ng kanyang mga kahirapan at paghihirap sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno. Itinuon niya ang kanyang paningin sa Panginoon at buong pusong nagtiwala sa Diyos. Pinatawad niya ang kanyang mga kaaway, at siya'y nagsisisi kapag siya'y nagkasala laban sa Diyos. Ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at ang Panginoon ang nagtaas sa kanya.

Tayo ay matuto mula sa buhay ni David, ng kanyang buhay na puno ng pananalangin at pagaayuno. Sundan natin ang kanyang halimbawa at ilapat ang mga ito sa ating buhay. Ang kanyang gawi ng pananalangin at pagaayuno ay nagdala sa kanya ng pagbabago sa kanyang puso at katangian. Ang kanyang pagsasagawa ng pananalangin at pagaayuno ay nagdulot sa kanya na mas malapit at mas lumapit sa Diyos. Ang malaking tulong at suporta sa ministerio kay David ay nagmumula lamang sa Diyos. Inalalayan siya ng Panginoon at tinupad ang kanyang mga pangako sa kanya.

Sa parehong paraan, magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at magtiwala sa Kanya ng buong puso. Ipagkatiwala ang iyong buhay at ang iyong kalooban sa mga layunin na ating natutunan mula sa mensaheng ito tungkol sa pagaayuno:

Nais sayo ng Diyos na mapuspos ka sa pagibig, na maging tapat at handang maglingkod sa Kanya habang iyong ipinakita ang iyong kagustuhan na manalangin at magayuno para sa mga taong maaaring maging may masamang layunin laban sa iyo.

Ilagay sa iyong isip na ang gantimpala ay nagmumula sa Panginoon dahil ang mga tao'y maaring kalimutan ang iyong ginawang mabuti sa kanila at maaring gantiin ka nila ng masama para sa mabuti na iyong ipinakita sa kanilang ngalan, ngunit ang Panginoon ay hindi kakalimutan ang iyong panalangin at pagaayuno at ang iyong mabuting paggawa.

Maging tapat sa iyong paglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng matapat at perpektong paglilingkod sa mga tao na inilagay ng Diyos sa paligid mo at ang mga tao na nais Niya abutin mo.

Ang pagaayuno ay pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagkasira sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagtalikod sa ating pagmamataas at ating laman at sariling katuwiran sa harapan ng Diyos. Ang pagaayuno ay nakikitang maliit ang ating sukat sa harapan ng Diyos. Ang Pagaayuno ay pagkilala na tayo'y wala kung wala ang Diyos. Ang Pagaayuno ay pagsuko ng ating mga plano at ang ating sariling kalooban sa harapan ng Diyos.

Sa paglilingkod sa Diyos tayo'y naglilingkod sa mga tao, sa panalangin at pagaayuno at pananangis sa harapan ng Diyos para sa kanila upang magsisi sa kanilang mga kasalanan, at bumalik sa Panginoon upang sila'y gumaling mula sa kanilang mga karamdaman at maligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus.

Ang iyong panalangin at pagaayuno ay dapat naguudyok ng pagibig at pagpapatawad kahit tungo sa iyong mga kaaway at sa mga nanakit sayo, pagtangi mula sa sama ng loob, galit at walang pagpapatawad tungo sa mga nanakit sayo, at isaalang alang ang buong gawain ng Diyos sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan at kung paano Niya kailangan tayong kumilos kapag ang sakuna ay naganap laban sa iyong mga kaaway.

Manindigan at maging matatag sa Panginoon at huwag sumuko kahit na ikaw ay nasa kalagitnaan ng mabigat na mga pagsubok. Magpatuloy na tumangis sa Diyos, panatilihin ang iyong pagaayuno habang ang mga pagsubok ay nagpapatuloy hanggang ganap na maligtas mula sa gawa ng diablo.

Ipahayag ang iyong mga kasalanan sa Diyos, magsisi sa mga ito at talikuran ang mga ito upang sila'y hindi makahandlang sa iyong panalangin at pagaayuno mula sa pagsagot.

Maging matapat sa Diyos, at huwag tumulad sa huwaran ng mundong ito at ang kamunduhan na nangyayari ngayon sa sanglibutan na nasa paligid natin, at maging handa na dalhin ang pagsaway mula sa sanglibutan sapagkat ang iyong paglilingkod at buhay ay sa Diyos at magpatuloy na magtiwala sa Diyos at gawin ang itinuturo ng Kanyang Salita sayo at ipinapayo sayo sa panahon ng kaguluhan.

Sa mga humahadlang sayo habang ikaw ay nabubuhay para sa Diyos at sa mga nagsasaway sayo habang sinasabi mo sa kanila ang Salita ng Diyos hindi lamang nila yaon ginagawa laban sayo kundi laban sa Diyos mismo, at laban sa Simbahan ng Diyos, samakatuwid kailangan mong tiisin yaon para sa kapakanan ng Diyos na ating Panginoon, at para sa kapakanan ng Kanyang simbahan.

Ilagay sa iyong isip na ang pagaayuno ay pagdadalamhati. Ang pagaayuno ay isang disiplina. Ang pagaayuno ay pagtangi mula sa pagnanasa ng laman. Ang pagaayuno ay pagtalikod sa kawalan ng pananampalataya. Ang pagaayuno ay pagtalikod sa kawalan mo ng pagtiwala sa Diyos. Ang pagaayuno ay pagtanggap ng pangaapi at pagalipusta para sa kapakanan ni Cristo. Ang pagaayuno ay para magsisi sa iyong mga kasalanan at ang gawa ng laman mula sa iyong buhay. Ang pagaayuno ay pagsuko sa iyong plano at kalooban sa Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na ipinakita mo ng malinaw sa akin ang iyong mga paraan at kung paano mo nais na isabuhay ang aking buhay para sayo.

Ihayag ngayon ang iyong mga kasalanan sa Diyos at talikuran ang mga ito. Talikuran ang lahat ng iyong pagmamataas, egos, galit, kawalan ng pagtiwala at pananampalataya sa Diyos. Talikuran ang iyong maling paguugali; walang pagpapahinuhod at walang pagibig sa iyong mga kaaway. Talikuran ang kasalanan ng walang pagpapatawad, ang kawalan ng kababaang loob at ang sariling katuwiran. Talikuran ang iyong kalooban at lahat ng gawa ng laman.

Panginoon aking inihahayag at tinatalikdan ang lahat ng sumusunod na mga kasalanan. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa lahat ng yaon at mula sa araw na ito aking ipinapangako ang aking sarili na sumunod sa iyong Salita at lumakad sa iyong mga kaparaanan upang ang aking panalangin at pagaayuno ay maging katanggap tanggap sayo.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na mahalín ang aking mga kaaway at huwag maghiganti at huwag gantiin mula sa mga nanakit sa akin at sinaktan ako.

Panginoon dinggin ang aking panalangin at sagutin ang aking pagaayuno at iligtas ako mula sa sumusunod na kaaway.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatiran na ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili na magsisi sa kanilang mga kasalanan, na manalangin at magayuno, at isabuhay ang kanilang buhay upang paglingkuran ka ayon sa Salita na kanilang natanggap

ngayon mula sayo, Panginoon bigyan sila ng mabuting kalusugan at ang kalakasan na magpatuloy at maglingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay sa kanila ang iyong Salita. Panginoon pusposin mo sila at pangunahan sila ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon protektahan sila mula sa masama at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon bigyan sila ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu upang sumalamin sa kanila ang iyong katangian at paguugali sa kanilang buhay.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at ganapin ang mga gawain na iyong itinawag sa amin upang gawin para sayo. Panginoon protektahan kami at iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at labanan ang aming labanan. Panginoon pusposin kami ng muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga kaloob na espirituwal na kailangan namin sa aming mga buhay. Panginoon paging dapatin mo kami makapagbanghelo at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita at ang mensahe ni JesuCristo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng mas marami pang pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mensahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com